Mensahe Walo

# Ang Paraan upang Matanggap, Maranasan, at Matamasa ang Nagpapaloob ng Lahat na Kristo bilang ang Nagpapaloob ng lahat na Espiritung Nagbibigay-buhay—ang Kabuoan ng Sumasakop sa lahat na Pagpapala ng Ganap na Ebanghelyo ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gal. 1:15a, 16a; 2:20; 4:19; 3:14

**I. Inihahayag ng Galacia na ang plano ng Diyos ayon sa Kanyang mabuting kaluguran ay ang isagawa si Kristo Mismo tungo sa atin; ang pinakamasamang bagay, ayon sa Galacia, ay ang gambalain ang mga tao mula kay Kristo—Efe. 1:5; Gal. 1:4-17; 2:20; 4:19; *Mga Himno,* #538.**

**II. Inilalahad ng Galacia si Kristo na siyang binhi na may tatlong panig sa pagkatao para sa pamamahagi ng Diyos ng Kanyang sarili tungo sa mga mananampalataya ni Kristo para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya—3:16; Gen. 3:15; Gal. 4:4; Luc. 8:5a, 11; Juan 12:24:**

A. Si Kristo bilang ang binhi ng babae ay tumutukoy sa nagkatawang-taong Kristo, ang kumpletong Diyos na naging isang sakdal na tao sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang sarili tungo sa pagkatao upang lipulin si Satanas at upang iligtas ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo mula sa kasalanan at kamatayan—Gen. 3:15; Isa. 7:14; Mat. 1:16, 20-21, 23; Gal. 4:4; Juan 1:1, 14; Heb. 2:14; 1 Cor. 15:53-57.

B. Si Kristo bilang binhi ni Abraham ay para sa pagpapala sa lahat ng pamilya sa lupa; ang namumukod-tanging binhi ni Abraham bilang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay, na siyang pagpapala ni Abraham (ang realidad ng mabuting lupain), para sa pamamahagi ng Kanyang sarili tungo sa mga mananampalataya ni Kristo upang gawin silang sama-samang binhi ni Abraham—Gen. 12:2-3, 7; 17:7-8; Gal. 3:14, 16, 29; Juan 14:17-20; 1 Cor. 15:45b; Juan 12:24; Isa. 53:10.

C. Si Kristo bilang binhi ni David ay tumutukoy sa nabuhay na muling Kristo, na nagsasagawa ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos para sa pamamahagi ng naprosesong Tres-unong Diyos tungo sa mga sangkap ng Kanyang Katawan upang makabahagi sila sa Kanyang pagkahari sa Kanyang pagkabuhay na muli sa walang hanggang kaharian—2 Sam. 7:12-14a; Mat. 22:42-45; Roma 1:3; Apoc. 22:16; Gawa 2:30-31; Mat. 16:16-18; Apoc. 20:4, 6:

1. Ang dakilang bundok, ang kaharian ng Diyos na pumupuno sa buong lupa sa Daniel 2:34-35, ay ang sama-samang binhi na may tatlong panig sa pagkatao, na kinabibilangan ng lahat ng mananampalataya sa loob ni Kristo—cf. Marc 4:26.
2. Sa pamamagitan ni Kristo bilang binhi na may tatlong panig sa pagkatao, ang mga kaaway ay naglalaho, ang pagpapala ay naririto, at tayo ay nasa kaharian; ito ang pahayag ng buong Biblia.

Mensahe Walo (pagpapatuloy)

**III. Inihahayag ng Galacia ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—ang kabuoan ng sumasakop sa lahat na pagpapala ng ganap na ebanghelyo ng Diyos—3:14:**

A. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng paghahayag ng Diyos kay Kristo sa loob natin; ipinamumuhay natin ang buhay-Kristiyano ayon sa Kristong nakita natin—1:16a; Efe. 1:17; Gen. 13:14-18; Efe. 3:8, 19:

1. Walang higit na nakalulugod sa Diyos kaysa sa paghahantad, sa paghahayag, ng buháy na persona ng Anak ng Diyos sa loob natin—Gal. 1:15a, 16a; 2 Cor. 3:14-17; 4:3-6.
2. Lalo tayong nakatatanggap ng panloob, subhektibong pahayag ng Anak ng Diyos, lalo Siyang mabubuhay sa atin; at lalo Siyang nabubuhay sa atin, lalo Siyang magiging realidad ng nagpapaloob ng lahat na lupain sa atin bilang pagpapala ni Abraham, ang pagpapala ng nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—Gal. 2:20; 3:14.
3. Kung isasaisantabi natin ang ating mga konsepto, ibabaling ang ating puso sa Panginoon, magbibigay-pansin sa espiritu, at gugugol ng panahon sa Salita sa loob ng espiritu at atmospera ng panalangin, si Kristo ay mahahayag sa atin, mabubuhay sa atin, at maihuhubog sa atin—1:15a, 16a; 2:20; 4:19:
   a. Kailangan nating isaisantabi ang ating mga konsepto; bawat konsepto, espiritwal man o makalaman, ay isang talukbong; ang ganitong panloob na pahayag ay nasa ating espiritu sa pamamagitan ng ating naliwanagang kaisipan—2 Cor. 3:14-15; 4:4; Efe. 1:17-18; Luc. 24:45.
   b. Kailangan nating ibaling ang ating puso sa Panginoon; lalo nating ibinabaling ang ating puso sa Panginoon, lalong liliit ang puwang ng diyos ng kapanahunang ito sa ating buhay at sa ating katauhan, at mapasasailalim tayo sa pagsinag ng makalangit na liwanag upang matanggap ang panloob na pahayag ng buháy na personang ito—2 Cor. 3:16, 18.
   c. Kailangan nating pangalagaan at bigyang-pansin ang ating espiritu; sa ating espiritu na ang Espiritu ay nagliliwanag, inihahayag si Kristo sa atin at nagsasalita sa atin hinggil kay Kristo—Efe. 1:17; 3:5; cf. Apoc. 1:10; 2:7.
   d. Kailangan nating ibasa-dalangin ang Salita—Efe. 6:17-18.
4. Kailangan tayong maging puspos ng pahayag hinggil sa Anak ng Diyos at sa gayon ay maging isang bagong nilikha na may Kristo na nabubuhay sa atin, naihuhubog sa atin, at natatamasa natin nang patuloy bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu—Gal. 6:14-15.

B. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng ating pagtanggap kay Kristo mula sa pakikinig ng pananampalataya—Gal. 3:2:

Mensahe Walo (pagpapatuloy)

1. Ang pananampalataya ng mga mananampalataya ay ang pagpasok ni Kristo sa kanila upang maging kanilang pananampalataya, ginagawang isang espiritu ng pananampalataya ang kanilang espiritu—Heb. 12:2a; Gal. 2:16; Roma 3:22; 2 Cor. 4:13.
2. Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig sa salita—Roma 10:17.
3. Ang pananampalataya ay ang sumampalataya na ang Diyos nga at hindi tayo; palaging pinawawalang-saysay ng pananampalataya ang ating sarili at inihahayag si Kristo sa atin—Heb. 11:6; Gen. 5:24; Juan 8:58; Gal. 2:20.
4. Ang mga mananampalataya ay ang mga miyembro ng pamilya, ng sambahayan, ng pananampalataya; ang sambahayang ito ng pananampalataya ay isang sambahayang nananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita—6:10.

C. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pagiging ipinanganak ayon sa Espiritu at sa pamamagitan ng pagiging pinagkalooban ng Espiritu ng Anak ng Diyos sa ating mga puso—4:29b, 6.

D. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pagbibihis kay Kristo sa pamamagitan ng bautismo na naglalagay sa atin tungo kay Kristo—3:27.

E. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pagiging nakilalang kaisa ni Kristo sa Kanyang kamatayan upang hindi na tayo ang mabuhay kundi Siya na nabubuhay sa atin; at ang buhay na ipinamumuhay natin ngayon sa laman ay ipamumuhay natin sa pananampalataya ni Kristo—2:20:

1. Ang maging nakikilalang kaisa ni Kristo ay nangangahulugang maging kaisang espiritu Niya at maging kaisang entidad pa Niya—1 Cor. 15:45b; 6:17; Phil. 1:20-21a.
2. Nakikilala tayong kaisa ni Kristo sa Kanyang kamatayan upang hindi na tayo ang mabuhay kundi si Kristo ang mabuhay sa atin—Roma 6:3-4; Gal. 2:20.
3. Ipinamumuhay natin ang gayong buhay sa loob ni Kristo bilang ating pananampalataya; ang tunay na pananampalataya ay si Kristo Mismo na inilalin sa atin upang maging ating pagpapahalaga sa Kanya bilang isang reaksiyon sa Kanyang pag-akit—b. 20b; 2 Cor. 5:14-15; Heb. 12:2a.

F. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pamumuhay at paglakad sa pamamagitan ng Espiritu—Gal. 5:16, 25.

G. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pagiging naihubog sa atin ni Kristo sa pamamagitan ng pagdaramdam—4:19.

H. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng paghahasik tungo sa Espiritu na may pananaw ng naisin at hangarin ng Espiritu, upang isakatuparan kung ano ang ninanais ng Espiritu—6:7-8.

I. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng pagmamapuri sa krus ni Kristo at pagpapamuhay sa bagong nilikha—bb. 14-15.

J. Ang paraan upang matanggap, maranasan, at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ay sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo na sumasaating espiritu—bb. 17-18.

*© 2024 Living Stream Ministry*